Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-25 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 HULYO 2000, IKA-9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Balicos	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Ramil O. Dimapilis	- On Seminar, Cebu City

KAPASYAHAN BLG. 074
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY G. WINARD SEGARANG AT MGA KAANAK SA PAGYAO NG KANILANG MINAMAHAL NA MAGULANG, G. EDWIN SEGARANG.

SAPAGKA'T ang pagyao ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal lalo pa't ng isang haligi ng tahanan ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T ang pagyao ni G. Edwin Segarang, ama ni Winard Segarang na isang empleyado ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay isang napakalaking kawalan sa pamilya, sa kanyang pinaglilingkurang tanggapan gayundin sa pamahalaang barangay ng Dangay, na kanyang pinaglingkuran bilang Kalihim, sunod ay Kagawad at panghuli ay Ingatyaman ng Barangay sa mahigit na labinlimang taon;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong pusong nakikiramay sa pagyao ng isang ama, isang kaibigan at isang lingkod-bayan;

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot kay G. Winard Segarang at mga kaanak nito, mga naulila ni G. Edwin Segarang, ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay G. Winard Segarang, ina at mga kaanak lakip ang mataos na pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 24 Hulyo 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/